Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

# KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 02-046

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG KAUTUSANG BAYAN BILANG 94-38 HINGGIL SA "PAGLILIMITA O PAGKOKONTROL NG MGA VIDEO GAME HOUSES AT PAGTATALAGA NG MGA ITO NG HINDI LALAPIT SA LIMAMPUNG (50) METRO MULA SA PAARALAN, SIMBAHAN, PLAZA O PARKE AT GUSALING PAMPAMAHALAAN SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA AT PAGTATAKDA NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO", PARTIKULAR ANG SEKSIYON 1 NG ARTIKULO I (KAHULUGAN NG MGA SALITA O PARIRALA), SEKSIYON 12, A AT B NG ARTIKULO V (BUWIS O BUTAW) AT SEKSIYON 16 NG ARTIKULO VI (PARUSA SA PAGLABAG) AT ISINUSUSOG ANG MGA BAGONG TALATA O PROBISYON.**

**************************************************************************

Ipinanukala nina:
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Nicanor :L. Echavez, M.D*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Melchor R. Teves*
*Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Rufino B. Joaquin*
*Kgg. Artemio A. Simundac*

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** patuloy na dumarami ang bilang ng mga "computer rental shops" at "playstation rental" sa nasasakupan ng Lungsod ng Muntinlupa na ang ilan ay malapit sa paaralan, simbahan, plasa o parke at mga gusaling pampamahalaan;

**SAPAGKAT,** ang mga nabanggit na computer rental shops na ito ay tinatangkilik at pinupuntahan ng mga estudyante at mga kabataan upang mag-"network games", "internet" o kaya'y mag-"chat";

**SAPAGKAT,** malaking bahagi ng kanilang mga baon ang napupunta sa pagrerenta sa mga computer o playstation rental shops na ito;

**SAPAGKAT,** di lamang pera ang ginugugol ng mga kabataang ito kundi pati na ang kanilang oras na sa halip ay sa pag-aaral na lamang nila ginugugol;

**SAPAGKAT,** may mga mag-aaral na lumuliban pa sa kanilang mga klase upang makapaglaro lamang ng mga "network games";

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** ang tema ng mga laro sa network games at sa playstation ay karaniwang bayolente at puno ng karahasan na maaaring makaimpluwensiya sa kanilang mga murang isipan at kilos;

**SAPAGKAT,** lubos na mababa ang multa na kasalukuyang ipinatutupad kung kaya't marami pa rin ang hindi tumatalima sa nasabing kautusan;

**SAPAGKAT,** kinakailangang gumawa ng hakbang ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa upang limitahan ang ganitong uri ng libangan na maaaring makaimpluwensiya sa ating mga kabataan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

I. Inaamyendahan ng Kautusang ito ang:

**"ARTIKULO I**
**KAHULUGAN NG MGA SALITA O PARIRALA**

**SEKSIYON 1. Ang mga nakasaad na salita o parirala kapag binanggit sa ordinansang ito ay mangangahulugan ng:**

**a. video – tumutukoy sa telebisyon o iba pang aparato na naglalarawan ng larong pambata;**

**b. video house – alinmang bahay-kalakal na nagbibili o nagpapaupa ng paggamit at panonood ng video games sa pamamagitan ng video machines;**

**k. family computer – isang mekanismong nilalagyan ng iba't-ibang palaro na matatagpuan sa isang rektanggular na kaheta at madalas gumagamit ng aparatong pinipindot o joystick;**

**d. brick game/game boy – isang mekanismong kahalintulad ng nasa letra k na pinaaandar ng baterya at mas kumbinyente dahil sa sukat nitong maaaring ipamulsa;**

**e. video games – mga laro o panooring isinasalarawan o isinasapelikula at pinagagalaw o binibigyang buhay sa pamamagitan ng video machines, kasama sa salitang ito ang mga binabanggit sa letra k at d;**

**g. simbahan – isang lugar ng anumang pananampalataya;**

**h. paaralan – tumutukoy sa mababa, mataas o kolehiyong antas ng pag-aaral;"**

At isinususog ang mga sumusunod na karagdagang salita o parirala sa Seksiyon 1 a, b, k. d, e, g, at h, Artikulo I ng Kautusang Bayan Bilang 94-38:

i. network games – isang uri ng laro sa computer na higit pa sa isang (1) yunit na nakakonekta sa isa't-isa na karamihan ay bayolente ang tema;

l. internet – isang programa sa computer na maaaring pagkunan ng mga impormasyon na nakakonekta sa iba't-ibang bahagi ng mundo;

m. chat – pakikipag-usap sa pamamagitan ng internet;

n. playstation – makabagong uri ng family computer na nilalagyan ng iba't-ibang uri ng laro na may temang bayolente o karahasan.

II. Inaamyendahan ng Kautusang ito ang Seksiyon 12, A at B, Artikulo V ng Kautusang Bayan Bilang 94-38 na:

**"ARTIKULO V**
**BUWIS O BUTAW**

**SEKSIYON 12. Bukod pa sa taunang binabayarang buwis para sa Mayor's Permit, papatawan ang mga may-ari ng establisimento ng mga sumusunod na buwis:**

**A. Ang mga makinang gumagamit ng token upang ang mga ito ay mapatakbo ay papatawan ng WALONG DAANG PISO (P800.00) bawat isa;**

**B. Ang ibang makinang hindi sakop ng isinasaad sa letra A ng Seksiyong ito ay papatawan ng ISANG DAAN AT DALAWAMPUNG PISO (P120.00) bawat isang makina.**

**Ang mga buwis na itinatakda sa seksiyong ito ay ipapataw sa bawat taon ng pagre-renew ng pahintulot upang makapangalakal."**

At isinususog ang mga sumusunod na pagbabago:

## ARTIKULO V
## BUWIS O BUTAW

**Seksiyon 12.** Bukod sa taunang binabayarang buwis para sa Mayor's Permit, papatawan ang mga may-ari ng establisamento ng mga sumusunod na buwis:

A. Ang mga makinang gumagamit ng token upang ang mga ito ay mapatakbo ay papatawan ng ISANG LIBONG PISO (P1,000.00) bawat isa;

B. Ang ibang makinang hindi sakop ng isinasaad sa letra A ng seksiyong ito ay papatawan ng DALAWANG DAAN AT LIMAMPUNG PISO (P250.00).

Ang mga buwis na itinatakda sa seksiyong ito ay ipapataw sa bawat taon ng pagre-renew ng pahintulot upang makapangalakal.

III. Inaamyendahan ng Kautusang ito ang Seksiyon 16, Artikulo VI ng Kautusang Bayan Bilang 94-38 na:

## "ARTIKULO VI
## PARUSA SA PAGLABAG

**SEKSIYON 16. Magpapataw ng dalawang libo at limang daang piso (P2,500.00) multa sa sinumang lalabag sa mga probisyon ng ordinansang ito bukod pa sa pagkumpiska ng mga aparato/video game machines para sa unang paglabag at pagbawi ng pahintulot upang makapangalakal o pagkabilanggo ng tatlong (3) taon alinsunod sa pagpapasiya ng hukuman para sa huling paglabag."**

At isinususog ang mga sumusunod na pagbabago:

**Seksiyon 16.** Ang sinumang lalabag sa Kautusang ito ay may multa at parusa ayon sa mga sumusunod:

**Unang Paglabag** - Multa sa halagang Isang Libo at Limang Daang Piso (P1,500.00) bukod pa sa pagkumpiska ng mga aparato/video game machines;

**Ikalawang Paglabag** – Multa sa halagang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) bukod pa sa pagkumpiska ng mga aparato/video game machines;

**Ikatlong Paglabag** – Multa sa halagang Limang Libong Piso (P5,000.00) at pagbawi ng pahintulot upang makapangalakal o pagkabilanggo ng tatlong (3) buwan alinsunod sa pagpapasiya ng hukuman.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



## ARTIKULO VII

**Seksiyon 17. Sugnay ng Pagkakabukod.** Kapag ang alinman sa probisyon ng Kautusang ito ay maideklara ng hukuman sa pamamagitan ng huling hatol na labag sa batas, yaong mga hindi apektado ay mananatili pa rin ang bisa.

**Seksiyon 18. Sugnay na Magpapawalang Bisa.** Alinmang ordinansa na hindi tugma sa Kautusang Panlungsod na ito ay pinawawalang bisa.

**Seksiyon 19. Sugnay na Magbibigay Bisa.** Ang Kautusang Panlungsod na ito ay magkakabisa labing-limang (15) araw matapos ang paglilimbag nito sa anumang pahayagang may malawak na sirkulasyon.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-16** ng **Mayo 2002,** sa ginanap na **ika-32** Regular na Sesyon.

***SINANG-AYUNAN:***

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

*Pahina 6*
*Kautusang Panlungsod Bilang 02-046*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

***LIBAN:***

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________

LITO SALAMAT, JR./05/02/02